KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 45 BILANG 12 BASAHIN AT TALAKAYIN DISYEMBRE 2025

EDITORYAL

# Pagdaluyong ng kilusang masa, pagsilbihin sa armadong pakikibaka

Inireresulta ng lumulubhang krisis pang-ekonomya sa nagdaang mga taon ang panibagong pagsikdo ng krisis sa pulitika—ang ibayong polarisasyon sa hanay ng mga naghaharing-uri na makikita sa katindihan ng ribalan sa pagitan ng mga Marcos at Duterte. Lumundo na ito sa isang antas ng kalalaan na hindi na magawang mapagtakpan pa ng rehimen ang pagsambulat ng dambuhalang kaso ng korapsyon na umabot na hanggang kay Marcos Jr. Binunot at inilabas nito ang matagal nang kinikimkim na poot at galit ng taumbayan sa palpak, papet, pahirap at pasistang rehimeng US-Marcos II at iniluluwal ang papalaki at papalawak na kilusan at pakikibakang masa laban sa rehimen at buong mapang-aping sistema.



Sa halos buong taon, ipinamalas ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang kanilang magiting na pakikibaka laban sa rehimeng US-Marcos II. Naglulunsad ng pagkilos ang iba't ibang uri at sektor upang igiit ang kanilang interes para sa sahod, trabaho, lupa, karapatang tao, panirikan at iba pa. Nararapat na pagpugayan ang masang manggagawa sa kanilang pakikibaka laban sa paghahari ng kapital sa loob ng mga pagawaan at pananabotahe sa sama-samang pagkilos ng manggagawa. Sa pamamagitan ng 74 oras na welga, nakamit ng mga manggagawa sa Nexperia ang kanilang demandang itaas ang kanilang sahod, iba pang benepisyo at pagbabalik sa dalawa nilang kapwa manggagawa at lider unyon na iligal na tinanggal. Samantala, nagtagumpay rin ang mga manggagawa ng Fuji Electric at Gardenia sa kanilang *collective bargaining agreement* kung saan nakamit nila ang dagdag sahod at iba pang benepisyo.

Ipinagtanggol ng masang magsasaka sa rehiyon ang kanilang lupa at karapatang pakinabangan ito sa kabila ng kabi-kabilang iskema ng sabwatang PML-estado. Nagpapatuloy ang pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa Batangas para sa kumpensasyon sa namamatay nilang kabuhayan dulot ng pagsara ng CADPI. Nagpapatuloy rin ang

KALATAS
Disyembre 2025
TOMO 45 BILANG 12

NILALAMAN

1 Pagdaluyong ng kilusang masa, pagsilbihin sa armadong pakikibaka
3 2 elemento ng 76th IBPA, patay sa engkwentro sa BHB-Mindoro
4 Kurakot Managot: Korapsyon sa proyektong flood control, lalong pinabagsik ang epekto ng mga sakuna sa Mindoro
6 Tugon ni PdG: Bakit makatarungan ang mag-armas laban sa mapaniil na estado?
8 Pang-aatake at pangliligalig ng pwersa militar sa mga magsasaka sa Cavite at Mindoro
9 Kilusang masa ng kabataan, nakatulong sa 100 pamilyang biktima ng sakuna
9 Serye ng pagkilos ng mga kabataan sa TK, tagumpay!
10 Pandaigdigang araw para sa Pagwawakas ng Karahasan Laban sa Kababaihan
10 Lingguhang Black Friday Protest kontra-korapsyon sa Timog Katagalugan
11 Mga demolisyon sa Laguna at Rizal, kinundena at nilabanan
12 Laban ng manggagawa sa Wyeth para sa karapatan at kabuhayan
13 Pananagutan kay Marcos at Duterte ang sigaw ng libu-libong mamamayan na nagprotesta sa Calamba
14 Kultura: PKP57 poster

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

pakikibaka ng mga drayber at iba pang malaproletaryado para sa kanilang kabuhayan, pakikibaka ng mga mangingisda sa pang-aagaw ng mga korporasyon sa kanilang pook-pangisdaan, laban ng maralita kontra demolisyon sa Cavite at *dredging* sa Mindoro. Sa Palawan at Mindoro, nakikibaka ang mamamayan laban sa mina at iba pang mapanirang proyekto.

Sa nagdaang mga buwan, libu-libong mamamayan ng rehiyon—mga kabataang estudyante, guro, manggagawa, magsasaka at maralita ang bumaha sa lansangan para ipahayag ang galit sa kabi-kabilang kaso ng kurapsyon ng rehimeng US-Marcos. Kasunod ito ng pagsambulat ng higit ₱200 bilyong kaso ng korapsyon sa mga *flood control projects* na kundiman peke ay palso at bigong protektahan ang bayan sa pagragasa ng baha tuwing malakas ang ulan, laluna kung may bagyo. Pinaypayan nito nang todo ang galit ng taumbayan na nagpapatuloy pa hanggang sa kasalukuyan.

Sa diwa ng kilusang pagwawasto, nakikipaggitgitan ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon para balikan ang mga eryang pansamantalang naiwan dahil sa tindi ng militarisasyon at panloob na kahinaan habang tuluy-tuloy ang konsolidasyon at pagpapalawak. Ngayong taon, epektibong nabalikan ang ilang mahahalagang erya sa iba't ibang bahagi ng rehiyon. Dahil sa labis na pagkahinog ng sitwasyon, malugod ang pagtanggap ng masa sa mga Hukbo at organisador ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa kanilang mga komunidad. Matagal nilang pinakahihintay ang mga ito para giyahan at samahan sila sa kanilang pakikibaka.

Sa gitna ng pukpukang labanan, nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba at aksyong militar sa buong taon para bigwasan ang mga palalong kaaway. Matagumpay ang inilunsad na ambus ng BHB Mindoro sa dalawang pulis noong Hulyo 13 sa Victoria, Oriental Mindoro. Dalawang beses namang pinaputukan ng BHB Quezon ang kampo ng 85th IB na ilang taon nang nananalasa sa kanilang komunidad sa Lopez. Bago ito, binigwasan ng BHB North Quezon ang 80th IB na protektor ng mapangwasak na mga proyekto sa Real, Quezon. Liban sa mga ito, patuloy na binibigo ng mga yunit ng BHB sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ang mga pag-atake ng pasistang tropa ng 2nd IDPA.

Ang bawat tagumpay ng kilusang masa at armadong pakikibaka ay ipinagbubunyi ng mamamayan ng rehiyon. Ang bawat tagumpay na nakakamit ng pakikibakang masa ay pagpapakita ng lakas ng sama-sama at nagkakaisang pagkilos nila para kamtin ang kanilang mga interes at kagalingan. Ang bawat putok ng opensiba ng BHB ay pagdidiin ng malinaw na mensahe ng rebolusyon. Ang mga ito ang dahilan kung bakit hanggang ngayo'y nakakapagpunyagi at nakakapanaig ang mamamayan ng rehiyon sa kabila ng hirap na dinaranas nila sa ilalim ng magnanakaw at pasistang rehimeng US-Marcos II. Kailangan pa itong higit na palakasin at pag-ibayuhin.

Dapat mapatagos ang isyu ng korapsyon sa masa para higit pang mapalakas at mapalawak ang kilusan ng mamamayan kontra-korapsyon at burukrata kapitalismo. Magsikhay sa pagsisiyasat sa mga pambansa at lokal na kaso ng korapsyon at iba pang mukha ng burukrata kapitalismo sa kani-kanilang eryang saklaw para mapukaw ang masa at mailapat ito sa kanilang interes. Iugnay sa burukrata-kapitalismong kinakatawan ng papet na rehimeng Marcos ang iba't ibang isyu ng masa hinggil sa sahod,

trabaho, lupa, kabuhayan, pabahay, edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan, mataas na presyo ng bilihin, mababang presyo ng produktong bukid at paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Matalas na ipaunawa ng mga organisador, edukador at propagandista natin na ang kahirapan ng bayan ay natural na resulta ng pagsasanib-pwersa ng tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at na kailangan itong labanan at ibagsak. Pasiglahin pa ang mga kilusang pag-aaral sa mga pambansa-demokratikong kurso hanggang sa MLM para mabilis na konsolidahin at isolido ang mga nakakamit nating tagumpay.

Sa kanayunan, dapat mahigpit na sapulin ng mga rebolusyonaryong pwersa kapwa sa mga yunit ng Hukbo at lokalidad ang inter-relasyon ng pakikibakang pang-ekonomya at ang pakikibaka ng masa laban sa pasismo. Napakalinaw ng epekto ng pasistang paninibasib ng mga operasyong militar sa kanayunan—halos kawalan ng kabuhayan ng mga magsasaka at pambansang minorya dahil naoobliga silang lisanin at iwan ang kanilang mayayamang bukid at kaingin dahil sa pandarahas at panggigipit ng militar. Pakilusin ang malawak na masang magsasaka, setler, mangingisda at pambansang minorya para ilantad at labanan ang lahat ng pahirap sa kanilang kabuhayan at palayasin ang mga kampo militar na nagdadala ng kaguluha't nananabotahe sa kanilang kabuhayan. Pahinain ang paghahari-harian ng mga militar habang binabalikan ang mga lugar na pansamantalang iniiwan ng mga pasista para sa rekoberi at reaktibasyon kasabay ng tuluy-tuloy na pagpapalawak.

Sa mabilis na pagpihit ng sitwasyon pabor sa rebolusyon at sa lumalakas na panawagang baguhin ang sistemang korap, dapat itong sagpangin ng rebolusyonaryong kilusan upang ibandila ang landas ng rebolusyon para kamtin ang tunay na pagbabagong panlipunan. Kaya naman dapat na pagsilbihin sa paglakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan ang lumalakas at lumalawak na kilusang masa para higit na ibwelo ang pagbawi at pagwawasto. Sa ganito, ganap tayong makasusulong tungo sa bago at mas mataas na antas ng digmang bayan. Ang demokratikong rebolusyong bayan, na pinamumunuan ng PKP ang tanging magwawakas sa tatlong salot ng lipunang Pilipino na walang ibang hatid kundi pambubusabos at pagsasamantala sa mamamayan. K

*BALITANG TO*

# 2 elemento ng 76th IBPA, patay sa engkwentro sa BHB-Mindoro

Dalawang pasistang AFP ang napaslang at nasugatan ang iba pa sa engkwentrong naganap sa pagitan ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro at 76th IBPA noong Nobyembre 26 bandang alas onse ng umaga sa Sityo Balite, Brgy. Lumangbayan, Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Habang naglalakad, unang napansin ng mga Pulang mandirigma ang mga nag-ooperasyong 76th IBPA at agad pinaputukan ang mga berdugo. Tumagal ng sampung minuto ang labanan at ligtas at organisadong nakaatras ang yunit ng BHB.

Sa labis na pagkapikon ng 76th IBPA sa tinamong pinsala, walang tigil na nagpaputok ang mga ito hanggang lampas alas dose ng tanghali. Nagpakalat din ang mga ito ng kasinungalingang ang napatay ay kasapi ng BHB at na nagkawatak-watak ang mga Pulang mandirigma sa pag-atras. Pinagbuntunan ng galit ng mga berdugo ang mga residente ng Brgy. Lumangbayan at karatig na Udalo at iba pa. Kinontrol ng 76th IBPA ang aktibidad ng residente, nagsagawa ng panghuhuli at pinagbawalang umalis sa barangay. Resulta nito, sapilitang lumikas ang mga residente.



Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, "Patunay ang panibagong labanan sa Mindoro ng kabiguan ng 2nd Infantry Division at 203rd Brigade na bigo itong wakasan ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro kagaya ng banta ni Major General Zabala noong Agosto na tapusin ang CPP-NPA-NDF pagsapit ng katapusan ng 2025. Matibay na testimonya ito na kailanman, hindi mauubos ang determinasyong lumaban ng tunay na hukbo ng masa, ang BHB." K

KURAKOT MANAGOT

# Korapsyon sa proyektong *flood control*, lalong pinabagsik ang epekto ng mga sakuna sa Mindoro

Mula pa 2008, itinuturing na ang Pilipinas bilang pinakamapanganib na bansa sa mga sakuna sa buong mundo. Mahigit 20 bagyo ang sumasalanta taun-taon dito. Resulta nito, apektado ang kabuhayan at tirahan ng mamamayang Pilipino, lalo na ang mga magsasaka. Sa isla ng Mindoro na isa sa pinagkukunan ng suplay ng palay sa bansa, dinaraing ng mga magsasaka ang paglala ng epekto ng mga bagyo sa kanilang palayan at iba pang taniman. Palpak at palyado na nga ang pagtulong ng rehimeng US-Marcos II sa mga biktima ng sakuna, nasasangkot pa sa korapsyon ng mga maanomalyang proyektong *flood control* (FCP) ang mga burukrata-kapitalista mula pambansa hanggang sa lokal na gubyerno.

Habang nalulunod ang masang Mindoreño sa baha, kagutuman at kahirapan dahil sa lumalalang epekto ng mga sakuna, si Marcos Jr. at ang mga kasabwat na iba pang korap na burukrata ay lumalangoy sa bilyun-bilyong perang ninakaw mula sa pondo ng bayan. Nalantad ang mga anomalya sa mga FCP sa rehimen ni Duterte na ipinagpapatuloy at inaabuso ni Marcos Jr. Mula 2022, tinatayang umabot na sa mahigit ₱545 bilyon ang nagastos ng gobyerno ni Marcos Jr. sa 9,855 FCP. Wala ritong napakinabangan ang masang Mindoreño na kumakaharap sa papalalang mga pagbaha, *landslide* at pinsala sa kanilang kabuhayan at tirahan. Sa MIMAROPA kung saan kabilang ang Mindoro, may 475 FCP ang pinondohan ng mahigit ₱32 bilyon. Sa Oriental Mindoro ay may 129 na FCP na may halagang mahigit ₱10 bilyon habang may 102 proyekto naman sa Occidental Mindoro na mahigit ₱8 bilyon ang halaga. Sa pagdaan ng bagyong Opong noong Setyembre at ng Tino at Uwan nitong Nobyembre, napatunayang hindi na lamang ang kapalpakan ng mga itinayong imprastraktura kundi pati ang malawakang pagnanakaw ng pondong inilaan sa mga *substandard* at *ghost project.*

**Papalalang pinsala sa mamamayan**

Mula Agosto nang ininda ng mga Mindoreño ang malalang pagbaha, nagsimula ang mga lokal na protesta sa Calapan, Naujan, Gloria at iba pang bayan laban sa korapsyon sa mga FCP at maging sa mga operasyong *dredging*, pagmimina, at iba pang mapaminsalang proyekto sa kalikasan. Mahigit 168,000 indibidwal ang lubhang naapektuhan sa Oriental Mindoro habang halos 80,000 katao naman sa Occidental sa pagdaan ng bagyong Opong noong Setyembre. Sa datos ng reaksyunaryong gobyerno, nasa ₱498.4 milyon ang pinsala sa agrikultura sa Oriental habang ₱50 milyon sa Occidental. Sa pagdaan naman ng bagyong Tino, umabot sa mahigit 4,000 pamilya ang lumikas mula sa Oriental at Occidental dahil sa malakas na hangin at pag-ulan na nagdulot ng mga pagbaha na umabot hanggang dibdib sa ilang lugar. Ayon sa mga Mindoreño, hindi ganito kalala ang pagbaha sa mga nakaraang taon. May mga lugar rin na inabot na ng pagbaha na dating hindi naaabot.

Hindi pa man nakakabangon mula sa pinsala na dulot ng bagyong Tino, hinarap ng mga Mindoreño ang hagupit ng Supertyphoon Uwan. Dahil sa inaasahang pagtaas ng mga baha sa mga sentrong bayan at maging sa mga iba pang lugar, umabot sa 8,307 pamilya o 30,256 na tao mula sa 198 na barangay ang lumikas sa Oriental Mindoro pa lamang.

Kabilang ang Oriental at Occidental sa mga lugar na pinagtayuan ng mga maanomalyang FCP. Ginawang gatasan ang pagtatayo ng mga FCP sa parehong probinsya ng Mindoro. Ang karamihan sa mga ito ay hindi pa matagpuan at kung mayroon namang nakatayo ay napatunayang palpak. Naitala ang ilang FCP sa bayan ng Naujan sa Oriental ngunit naranasan ang mas mataas na pagbaha rito nitong pagdaan ng malalakas na bagyo. Ganito rin ang sitwasyon sa bayan ng Gloria, Oriental Mindoro, na bukod sa perwisyo ng mga nawawalang FCP ay apektado rin ng mapaminsalang operasyong *dredging* na pinapahintulutan ng lokal na gobyerno sa pamumuno ni Gov. Bonz Dolor. Aniya, kumikita diumano ang lokal na gobyerno rito kaya may benepisyo naman dito ang mamamayan. Pinapakete pa niya na para sa pagpapanumbalik ng kagandahan ng Ilog ng Balete ang dredging upang lokohin ang mga mamamayang tumututol dito.

Sa ilang lugar sa Bansud, iniulat ng mga residente ang pagbaha sa mga dating hindi bahaing lugar. Mula sa siyam na barangay nito, umabot sa mahigit 1,000 pamilya ang lubhang apektado ng mga matataas na baha na dulot ng bagyong Uwan. Sa bayan ng Occidental, apektado ang mga sentrong bayan ng mas pinalalang baha na ang pinakamataas ay umabot hanggang dibdib. Hindi ito karaniwang karanasan ng masang Mindoreño sa nagdaang mga dekada sa tuwing binabagyo sila.

Bukod sa maanomalyang FCP, sinisisi ng masang Mindoreño ang malawakang pagmimina, *quarrying, dredging* at iba pang operasyong mapangwasak bilang dahilan sa likod ng mga papalalang pinsala ng mga sakuna sa kanilang kabuhayan at tirahan. Ang mga lokal at pambansang mga burukrata-kapitalista ang nagpahintulot ng mga mapanirang programang ito sa ngalan ng pagpapayaman ng sariling bulsa. Nanginginig sa takot ang mga korap na burukrata sa galit ng mamamayan.

**Bumangon, magkaisa at maningil, panagutin si Marcos Jr.**

Sadyang tuso ang mga burukrata kapitalista. Dahil nakaupo sa

gubyerno, nagagamit nila ang kanilang kapangyarihan upang maghugas-kamay at tumakas sa pananagutan. Pakunwaring nakiisa si Marcos Jr. sa panawagan ng pagpapanagot—isang pagtatangkang pagtakpan ang katotohanan na siya ang numero unong magnanakaw dahil sangkot ang opisina niya sa pinakamalalaking FCP sa buong bansa. Binuo ang Investigative Commission on Infrastructure bilang third party umano na magtitiyak na magiging malinaw ang imbestigasyon sa anomalya sa FCP. Ngunit hanggang ngayon, mabagal ang usad ng imbestigasyon dahil hindi pa rin napapanagot ang mga pangunahing may sala.

Iniinda na nga ng mamamayan ang pinsala ng mga sakuna at napakabagal na pamimigay ng ayuda ng gubyerno, kasabay na namemerwisyo ang walang awat na mga operasyon ng AFP-PNP-CAFGU. Sangkot ang mga ito sa paghihigpit sa kilos ng mga masa at pagharang sa pamimigay ng tulong sa kanila sa kasagsagan ng bagyo gaya ng ginawa ng 203rd Infantry Brigade sa So. Barayong, Brgy. Manaul, Mansalay, Oriental Mindoro noong Setyembre. Ganting reaksyon nila ito sa sibilyang populasyon matapos dumanas ng malaking pinsala ang mga pasista na umatake sa isang yunit ng NPA sa Barayong noong Setyembre 25.

Walang ibang dapat gawin ang masang Mindoreño kundi ang walang kapagurang magkaisa, kumilos at lumaban. Dapat na magkaisa ang mga Mindoreño sa pagbabangon sa kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng nagkakaisang paglaban sa korapsyon at kapalpakan ng rehimeng US-Marcos II. Hindi dapat manahimik at magtiis ang masang Mindoreño sa kabulukan ng rehimen ni Marcos Jr. na walang hiya at walang awang pinakakawalan ang mga pasistang tropa ng AFP-PNP-CAFGU laban sa mamamayan.

Kinakailangan at makatwiran lamang na mag-alsa ang masang Mindoreño at magkaisa sa pagtatayo ng tunay na gobyernong naglilingkod sa kanila. Magagawa lamang ito sa pagbubuo ng lakas ng mga Mindoreño para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. K

## MGA KONTRATA NG FCP NG MGA DISCAYA AT CO SA MINDORO

| FLOOD CONTROL PROJECTS | | ORIENTAL MINDORO | | OCCIDENTAL MINDORO | |
|---|---|---|---|---|---|
| May-ari | Kumpanya | Bilang | Halaga | Bilang | Halaga |
| Zaldy Co | Sunwest, Inc.* | 9 | ₱2,093,874,000.12 | 7 | ₱1,307,561,387.06 |
| Christopher Co (kapatid ni Zaldy Co) | Hi-Tone Construction & Development Corp.* | | | 3 | ₱137,304,884.18 |
| Mag-asawang Discaya | Alpha & Omega Gen. Contractor & Development Corp.* | | | 2 | ₱272,135,670.86 |
| | St. Timothy Construction Corporation* | 2 | ₱450,143,228.86 | 1 | ₱32,557,644.6 |
| | St. Gerrard Construction | | | 3 | ₱321,462,181.59 |
| | Elite General Contractor and Development Corp. | 1 | ₱247,496,511.68 | | |
| | Great Pacific Builders and Gen. Contractor | 1 | ₱241,246,360.87 | 6 | ₱929,000,429.4 |
| | St. Matthew Gen. Contractor & Development Corp* | | | 3 | ₱321,462,181.59 |
| | St. Matthew Gen. Contractor & Development Corp* | | | 2 | ₱337,743,215.89 |
| | Way Maker General Contractor OPC | | | 1 | ₱28,695,558.08 |
| | YPR Gen. Contractor and Construction Supply Inc | | | 2 | ₱286,325,336.67 |
| | Amethyst Horizon Builders and Gen. Contractor and Development Corp. | 1 | ₱202,647,244.29 | 2 | ₱338,491,406.84 |

**kabilang sa 15 kontraktor na isinailalim sa imbestigasyon sa Senado*

Kung susumahin, hawak ng mga Co ang **19 kontrata sa Mindoro** na nagkakahalagang **₱3,538,740,271.36** habang sa mga Discaya ay **27 kontrata** na nagkakahalagang **₱4,009,406,971.22.**

TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Bakit makatarungan ang mag-armas laban sa mapaniil na estado?

Makatarungan ang mag-armas laban sa mapaniil na estado upang baguhin ang sistema at ibagsak ang estadong sumusupil sa mamamayan. Dahil patuloy na umiiral ang tunggalian ng uri sa pagitan ng naghahari at pinaghahariang uri, ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan, ng nang-aapi at inaaping uri, ginagamit ng estado ang dahas upang panatilihin ang kaayusang pumapabor sa interes ng mapang-api at mapagsamantalang naghaharing uri. Ito ang susing usapin sa likod ng alinmang makauring lipunan at ang dahilan bakit lumalaban ang mamamayan.

Likas ang antagonismo sa anumang lipunang may uri bunga ng kanilang nagbabanggaang interes. Itinatag ng bawat naghaharing uri ang estado upang maging "tagapamagitan" sa di mapagkasundong antagonismo o tunggalian ng mga uri, itinayo ang estado na waring gumagampan sa ibabaw ng lahat ng uri. Syentipikong katangian ng estado ang pagkiling sa kung sino mang naghaharing uri sa lipunan. Ginagamit nito ang lahat ng aparato na burukrasya, armadong pwersa, batas at bilangguan para sapilitang pasunurin at paluhurin ang kanyang nasasakupan sa kanyang kagustuhan.

Ang lahat ng aparato ng estado ay aparato ng karahasan. Kapag hindi pumailalim ang mamamayan sa kapangyarihang ipinapataw ng naghaharing-uri, gagamitin nito ang dahas upang supilin sila. Sa tuwing iginigiit ng mamamayan ang kanilang lehitimong kahilingan at karapatan sa pamamagitan ng mapayapang paraan kagaya ng protesta, dahas ang ipinantatapat sa kanila ng estado. Takot ang naghaharing-uri sa nagkakaisang pagkilos ng sambayanan dahil banta ito sa kanilang kapangyarihan. Sa ganito, gagamitin ng naghaharing-uri ang di-makatwirang dahas upang panatilihin ang kanilang kapangyarihang pampulitika at ang kasalukuyang bulok na kaayusan. Sa ganito, ang estado ang numero-unong tagalabag sa karapatang pantao.

Dapat masapul na hindi kailanman kusang ibibigay ng reaksyunaryong estado ang interes at hinaing ng sambayanan dahil bumabangga ito sa interes ng naghaharing-uri. Ang dahas ng estado ang sumusupil sa karapatan ng mamamayan kaya kailangang tapatan ito ng makauring dahas. Naiiba ito sa karahasan ng estado dahil nilalayon ng makatwirang dahas ng pinaghahariang uri na kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya, kasaganaan at kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.

Gumulong ang kasaysayan ng buong daigdig dahil sa tunggalian ng uri. Napatunayan nang nagbabago lamang at naitatatag ang isang lipunang bago kapag nag-armas ang uring inaalipin upang wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila. Naganap ang mga transpormasyong panlipunan dahil sa rebolusyon.

**Ang karapatang mag-aklas *(right to resist)***

Sa internasyunal na batas, kinikilala ang karapatang mag-aklas para sa pagpapasya-sa-sarili sa harap ng kolonyal na dominasyon, dayuhang okupasyon, at rasistang rehimen na hindi kumikilala sa partisipasyon ng isang bahagi ng populasyon. Kinikilala ng United Nations ang likas na karapatan sa pambansang pagtatanggol sa harap ng agresyon. Isinasaad naman ng preambulo ng Universal Declaration of Human Rights na saanman kinakailangan, kung ang isang tao ay mapipilitang gumamit ng rebelyon laban sa tiraniya at pang-aapi, ang gayong karapatang tao ay dapat na protektahan ng batas.

Makatwiran ang isinasagawang armadong paglaban ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya laluna sa Asia, Africa at Latin America. Tampok dito ang karapatan ng mamamayang Palestino na labanan sa armadong paraan ang 77 taon nang okupasyon ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine. Makatwiran din ang mga gera sibil na inilulunsad ng mga lehitimong armadong organisasyon ng mamamayan laban sa kanilang mapaniil na estado na sinasalaula't dinidemonyo ng kani-kanilang mga gubyerno at tinatatakang "terorismo".

**Makatarungang digma sa Pilipinas**

Sa Pilipinas, malakolonyal at malapyudal ang lipunan dahil kinukubabawan ito ng imperyalismong US at pinananatili ang pagiging atrasado, agraryan at di-industriyalisado ng ekonomya kasabwat ang mga lokal na naghaharing uring panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalista. Ngayong humahambalos na ang napakasamang epekto ng neoliberalismo ng imperyalismong US, dinaranas ng sambayanang Pilipino ang karalitaan, pagkabusabos, pagkitil sa kabuhayan, pangangamkam at kawalan ng lupa, sadsad na sahod sa harap ng sumisirit paitaas na presyo ng bilihin, napakamahal na serbisyong panlipunan, pagkawasak ng kalikasan, at iba pang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala. Inaatake pa ang mamamayang tumitindig at nananawagan para sa kanilang batayang karapatan at kabuhayan.

Tigmak sa dugo ang mga kamay ng bawat nagdaang rehimen para lamang panatilihin ang ganitong kaayusan.

Rebolusyong pambansa-demokratiko ang tanging kalutasan sa pundamental na suliranin ng sambayanang Pilipino. Kinakatawan at ipinaglalaban nito ang pambansa at demokratikong mithiin ng inaapi at pinagsasamantalang mayorya ng mamamayan. Partikular sa mga ito ang pakikipaglaban para sa interes ng uring magsasaka na lumaya sa pagkaalipin sa lupa, ng uring manggagawa para sa sahod, kaseguruhan sa trabaho at karapatan at interes ng iba pang demokratiko at aping uri at sektor sa lipunan tulad ng kabataan-estudyante, kababaihan, pambansang minorya, mangingisda at iba pa. Armadong pakikibaka ang pangunahing anyo ng at inilulunsad sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Sekundaryo ngunit esensyal at napakahalaga ang parlamentaryong pakikibaka sa kabuuang rebolusyonaryong pakikibaka.

Ito ang mga dahilan kung bakit namumulat ang taumbayan at tumatahak sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Pangunahing sandata nito ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) para pabagsakin ang mapang-api at mapagsamantalang estado.

Sa pagsusulong lamang ng makatarungang digma sa anyo ng demokratikong rebolusyong bayan makakaalpas sa kontrol ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas ng Pilipinas at maitatatag ang gubyernong tunay na magkakaloob ng demokratikong karapatan ng mamamayan. Ang pagiging makatarungan at lehitimo ng armadong rebolusyon na inilulunsad pangunahin ng BHB ay patuloy na pinatutunayan ng di mapapatid na paglahok ng sambayanan dito. Lahat ng mga di makatwirang kontra-rebolusyonaryong gera at panunupil ng nagpalit-palitang rehimen ay pawang nangabigo at itinapon sa basurahan ng kasaysayan.

Hindi magagapi ang rebolusyong Pilipino dahil patuloy na ginagampanan ng uring inaapi at pinagsasamantalahan ang kanilang aktibong papel sa pagpapabagsak sa tatlong salot at ugat ng kahirapan na imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa harap ng tumitinding tunggalian ng mga uri, ng mga kontradiksyong panlipunan, at ibayong kahirapan at sakripisyo hanggang maging sa kamatayan, nananatiling matatag, pursigido, at walang humpay na isinusulong ng sambayanan ang demokratikong rebolusyong bayan upang hawanin ang landas sa pagtatatag ng sosyalistang lipunan. K




*Andres Bonifacio Shrine Monument, Central Manila, Philippines*

# Pang-aatake at panliligalig ng pwersang militar sa mga magsasaka sa Cavite at Mindoro

Hibang na nagpapatuloy ang kontra-rebolusyonaryong gera ng AFP sukdulang madamay ang mga sibilyan. Nitong Nobyembre, sinampahan ng gawa-gawang kaso ang 15 magsasaka sa Cavite at hindi pa rin inililitaw ang tatlong kabataang dinukot ng militar sa Mindoro noong Setyembre.

**Pagdukot at sapilitang pagkawala**. Noong Oktubre 22, nanawagan si Mani Umyagan, ina ng nawawalang magkakapatid na sina Isar, 25, Iwit, 19 at Ninoy, 17, mga Hanunuo-Mangyan at residente ng Sityo Kulitob, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Humingi siya ng tulong dahil nawawala pa ang magkakapatid noon pang Setyembre 12.

Huling nakita ang mga kabataan noong Setyembre 12 pauwi sa kanilang tahanan mula Sityo Tagascan, Brgy. San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro. Nabagat sila ng mga pwersa ng Civil Military Operations (CMO) Battalion, 1st IBPA at mga yunit sa ilalim ng 203rd IBde at iligal na inaresto ang tatlong kabataan. Mahigit isang buwan nang nakalilipas na hawak ng militar ang mga kabataan subalit hanggang ngayon ay hindi pa sila inililitaw.

*Pinost* ng ina ang panawagan sa FB Page mismo ng 1st IBPA. Pilit nilang pinagtatakpan ang kanilang krimen sa pagkunwang pagbibigay malasakit at serbisyo publiko sa biktima. Kinundena ng NDF-Mindoro ang panlilinlang ng AFP. Ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro, "Dapat ilitaw sina Isar, Iwit at Ninoy Umyagan. Papanagutin ang 1st IBPA at lahat ng kasundaluhan ng 203rd IBde sa mga krimen nito sa mamamayang Mindoreño."

**Pagsasampa ng gawa-gawang kaso.** Kinasuhan nitong Nobyembre ng paglabag sa RA 9710 "Magna Carta for Women"/Grave Threat/Grave Coercion nina Lt. Ann Kea C. Guillepa at Lt. Venus N. Ananayo ng Task Force Ugnay at 2nd CMO Battalion ang 15 magsasaka ng Lupang Ramos sa Brgy. Langkaan 1, Dasmariñas City, Cavite. Hungkag na ginamit ng AFP ang reaksyunaryong batas upang patuloy na maghasik ng takot sa mga magsasaka at residente ng Lupang Ramos. Bago ito, nauna na ring kinasuhan ang tatlong magsasaka ng Lupang Ramos noong Agosto. Pakana ito upang pigilan ang mamamayan ng Lupang Ramos na kumilos.

Matagal nang panawagan ng mga magsasaka ng Lupang Ramos na palayasin ang kampo ng TFU sa kanilang komunidad na lagpas isang taon nang naroon. Giit ng mga residente, ipinuwesto sa loob ng kanilang komunidad ang kampo upang mang*harass,* mang-intimida, manakot at mang*red-tag* sa mga lider-magsasaka. Hindi na natahimik ang kanilang payapang pamumuhay mula nang itayo ang kampo rito. Dagdag pa nila, nagsasanib-pwersa ang LGU at TFU upang agawin sa kanila ang tagumpay ng Bungkalan na hanggang ngayo'y tinatamasa ng mga magsasaka ng Lupang Ramos.



*Pagkumpronta ng mga magsasaka sa security guards sa Tartaria*

**Panggigipit, pambubugbog at agresyon.** Sa Lupang Tartaria, sa Brgy. Tartaria, Silang, Cavite, sunud-sunod ang panggigipit at agresyon ng mga gwardya ng Jarton Security Agency mula Nobyembre 18-22. Ang Jarton Security Agency ay mga bayarang sekyuriti ng Ayala at Aguinaldo na ginagamit para palayasin ang mga magsasaka at residente ng Tartaria.

Noong Nobyembre 18, binutas ng mga gwardya ang pader na bakod ng lupa ng pamilyahang Contreras. Pinupwersa ng mga gwardya na makapasok para piliting isuko ng may-ari ang lupa. Nagpatuloy ang tensyon hanggang Nobyembre 22 kung saan aabot na sa 50 gwardya ang nagtipon at nakapasok sa binutas na pader. Binugbog pa nito ang 16-anyos na binatilyo na nagdepensa sa kanilang lupa. Kasunod na inatake ng mga gwardya at pilit pinapaalis ang may-ari ng lupa sa kahanggang barangay ng Tartaria na Brgy. Lumil.

Bago ito, nakatanggap ng kasong *frustrated murder* ang dalawa pang residente na sinampa rin ng mga gwardya.

Naiulat pa ang *terrorist-tagging* sa mga organisasyon at lider magsasaka sa rehiyon. Nagkalat sa *social media* at sa iba't ibang sakahan ang mga *poster* na nagpipinta sa mga organisador bilang terorista. K

# Kilusang masa ng kabataan, nakatulong sa 100 pamilyang biktima ng sakuna

Bago pa man ang buwan ng Nobyembre inaasahan na ang pagpasok ng ilang malalakas na bagyo sa bansa. Kaya agad na nagplano at kumilos ang Sketchers, isang balangay ng Kabataang Makabayan sa Timog Katagalugan.

Pagpasok pa lang ng Bagyong Tino at Super Bagyong Uwan sa Philippine Area of Responsibility, nanawagan na ang Sketchers para makalikom ng tulong pinansyal at materyal—pagkain, tubig, gamit pangkalinisan, damit at gadgets na magagamit ng mga pamilyang maaapektuhan ng kalamidad. Mabilis na nagpulong ang kasapian at nag-antabay sa mga balita kaugnay sa bagyo upang matiyak ang maagap na pagtugon. Noong huling linggo ng Oktubre, naglunsad sila ng *information drive* sa *social media platforms* at nanawagan ng mga boluntir at donasyon.

Minobilisa ng Sketchers ang kanilang samahan. Epektibong naabot ng kanilang *social media campaign* ang mamamayan kaya't bumilis ang paglikom ng suporta. Nakakuha sila ng suporta para sa higit 100 pamilya at nakalikom ng nasa ₱20,000 donasyong pinansyal. Namahagi sila ng *relief packs, hygiene kits*, gamot, damit, sapatos, unan at kumot, at iba pang mahahalagang gadgets para sa mga nawalan ng kuryente.

Ayon sa Sketchers, "Sa kabila ng hamon ng magkasunod na bagyo, napatunayang ang maagap, organisado, at nagkakaisang pagpaplano ay may kakayahang makapaghatid ng tunay na tulong sa masa."

Habang ipinakikita ang lakas ng sama-samang pagtulong, nalalantad ang kapabayaan ng reaksyunaryong gobyernong nakatuon lamang sa pagpapataba ng bulsa at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Inilinaw ng balangay sa kanilang kasapian at mga masang naabot ng kanilang kampanya na walang maaasahan ang taumbayan dahil walang mahusay na plano ang gubyerno ni Marcos upang tugunan ang lumalalang epekto ng krisis pangklima. Sa huli, sa sama-samang pagkilos pa rin dapat sumandig ang sambayanan. K

# Serye ng pagkilos ng mga kabataan sa TK, tagumpay!

Matagumpay ang serye ng pagkilos ng mga kabataan na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng rehiyon nitong Nobyembre, na tinaguriang Buwan ng Militanteng Kabataan, upang tuligsain ang talamak na korapsyon at inhustisya sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II na nagpapatindi sa araw-araw na danas ng mga mamamayang Pilipino.

Binuksan ang Buwan ng Militanteng Kabataan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga *protest centers* sa mga probinsya at pamantasan. Ito ang naging behikulo para ilunsad ang mga pulong masa, *educational discussions* at mga *workshop* ng mga *placards* at iba pang propaganda *materials*. Sinimulan naman ang naturang mga pagkilos noong Nobyembre 14 sa isang malawakang *anti-corruption forum* kung saan nagtipon ang mga taong simbahan, mga tsuper, maliliit na *vendor*, mga grupo mula sa iba't ibang pangkulturang samahan, at kasama ang daan-daang mga kabataan, sa San Pablo City, Laguna. Nasundan naman ito ng mga *protest action* sa UP Los Banos at Cavite State University-Main Campus bilang pagdiriwang at pag-alala sa militanteng kasaysayan ng International Students' Day noong Nobyembre 17.

Sa pangatlong pagkakataon ngayong taon, naglunsad muli ng walkout ang mga estudyante sa Cavite State University – Main Campus noong Nobyembre 19 at UP Los Banos noon namang ng Nobyembre 21. Kasabay nito, naglunsad din ng *walkout* sa Southern Luzon State Universty Main Campus at Calamba City Colleges, sa kabila ng intimidasyon at pagbabanta mula sa administrasyon ng pamantasan. Libong mga kabataan ang lumahok sa mga walkout. Samantala, daan-daan naman ang lumahok sa mga kasabay na kilos protesta kontra korapsyon, sa ilalim ng *banner* na Black Friday Protests, ang mga kabataan sa Antipolo at Angono, Rizal, gayundin ang mga kabataang Batangueño sa harap ng Batangas State University – Pablo Borbon.

Sa kasagsagan ng kampanya, naitayo ang mga pamprobinsya at lokal na alyansa ng mga kabataan kontra korapsyon at ang mga panimulang binhi ng bagong mga balangay ng mga pambansa-demokratikong pangmasang organisasyon ng mga kabataan sa iba't ibang pamantasan at probinsya ng rehiyon.

Sa Nobyembre 30, dinaluhan ng mahigit 3,000 mga mamamayan ng rehiyon ang pagdiriwang ng Araw ni Bonifacio sa Crossing Calamba sa Laguna. Sa kaparehong araw ay inalala at pinag-alab ng mga kabataan ang militansya sa paglaban sa lahat ng tipo ng panlipunang sigalot, lalo na ang korapsyon at inhustisya. Nagkaisa ang mga lumahok sa pagkilos na kailangang panagutin ang lahat ng sangkot sa korapsyon sa gobyerno, pangunahin sina Marcos Jr. at Sara Duterte, bilang mga hari at reyna ng korapsyon. K



# Pandaigdigang araw para sa Pagwawakas ng Karahasan Laban sa Kababaihan

Naglunsad ng protesta sa International Day for the Elimination of Violence Against Women (IDEVAW) ang mga kababaihan sa pangunguna ng Gabriela Southern Tagalog sa Crossing, Calamba, Laguna noong Nobyembre 25 sa temang "Kababaihan ng Mundo, Tumindig laban sa Korapsyon at Pasismo!".

Sa Timog Katagalugan, laganap ang pagsasamantalang nararanasan ng kababaihan at bata sa kamay ng AFP-PNP. Sa loob ng nakalipas na tatlong buwan, naiulat ang dalawang kaso ng panggagahasa ng mga kapulisan sa Cavite. Agosto nang gahasain ng isang Deputy Chief Lieutenant "Edward" ang isang babaeng bilanggo sa istasyon ng pulisya sa Navotas City, ayon sa biktima ay maraming beses na siyang ginahasa ng pulis mula pa nang makulong noong Hunyo. Nito namang Nobyembre 22 ay ginahasa ng nasa 14 kapulisan ang isang grade 9 na estudyante sa Bacoor City matapos pagnakawan ang biktima sa kanilang lugar. Ang pangyayari ay naganap sa panahon ng *drug operation* ng Provincial Drug Enforcement Group Special Operation Unit (PDEG-SOU) 4A.

Sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan, laganap din ang paghahasik ng kultura ng pagsasamantala ng kasundaluhan. Noong 2024, ginahasa ng apat na sundalo ng 76th IB at CAFGU ang isang babae habang naliligo sa sityo Panluan, Brgy. Hagan, Bongabong, Oriental Mindoro. Ginagawa ring prostitusyon ng mga nagkampong kasundaluhan ng 68th IBPA ang komunidad ng katutubong Mangyan-Buhid sa San Jose, Mindoro. Gabi-gabi itong nagpapatawag ng pulong sa kalalakihan para maiwanan ang mga tahanan at saka gagahasain ang kababaihang maiiwan sa kubo. Binibigyan ang mga biktima ng ₱5,000 kapalit ng pananahimik. Sagad-sagaran din ang kasundaluhan sa kanilang taktikang panliligaw at pakikipagrelasyon sa mga menor-de-edad na babae laluna sa mga anak ng pinaghihinalaan nilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Patuloy ang pagtaas ng mga kaso ng pagsasamantala sa kababaihan anumang pagtatakip ang gawin ng estado para palabasing bumababa ang mga kaso ng *violence against women and children* (VAWC) o karahasan laban sa kababaihan at bata. Huwad na solusyon lamang ang binibigay ng estado na ang magbebenipisyo lamang ay ang mga burukrata kapitalista. Korapsyon din ang isa sa primaryang dahilan ng paghihirap ng masang kababaihan sa pagharap sa mga kaso ng VAWC na ang nilaanang badyet ay ginagamit para sa mga *ghost programs* at *kickbacks*. Maraming barangay ang walang nakatayo o di kaya ay walang maayos na VAWC *desks* at *officer* para sana sa pagresponde sa mga kaso ng paglabag sa karapatan ng bawat kababaihan at bata. Binawasan at kinukupitan din ang mga pondong pangkababaihan kagaya ng subsidyo para sa *Solo Parents* na binabawasan mula sa dapat ay ₱1,000 kada buwan tungong ₱500 o di kaya'y ₱1,000 kada dalawa hanggang tatlong buwan.

# Lingguhang Black Friday Protest kontra-korapsyon sa Timog Katagalugan

Inilunsad sa Timog Katagalugan ang lingguhang Black Friday Protest kontra korapsyon bilang bahagi ng koordinadong pambansang protesta para papanagutin ang mga tiwali sa gubyerno.

**Nobyembre 7.** Sa Laguna, nagsagawa ng protesta ang mga manggagawa at unyon nila sa Wyeth Philippines, Yakult Philippines, Nexperia Philippines, at MEC Electronics Philippines. Nanawagan din ang mga unyon nito ng dagdag sahod at paggalang sa kanilang mga karapatan.

**Nobyembre 14.** Sa Cabuyao, Laguna, dalawang shift ng mga manggagawa sa ilalim ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union ang nagtipon para sa protestang "umahon." Sa Canlubang Industrial Estate naman sa parehong probinsya, pinangunahan ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union ang protestang umahon pagkatapos ng *shift* ng mga manggagawa. Tuluy-tuloy na kumikilos ang mga manggagawa dito laban sa barat na kapitalista at korap na mga burukrata.

Sa Cavite, lumabas ang mga manggagawa sa First Cavite Industrial Estate sa pangunguna ng Progressive Workers Union Local 47-IBM KMU.

**Nobyembre 21.** Sa rehiyon, isinagawa ang mga *walkout* sa mga pamantasang University of the Philippines Los Baños at Cavite

State Univesity. Nagsagawa rin ng mobilisasyon ang lagpas 1,500 estudyante mula sa sa iba't ibang pamantasan sa CALABARZON. Bago ito, tagumpay na inilunsad ng mga estudyante sa Laguna at Quezon ang ang International Students' Day noong Nobyembre 17. Iniugnay ang pagkilos sa paglaban sa laganap na korapsyon.

**Nobyembre 28.** Muling nagprotesta ang mga estudyante ng University of the Phlippines Los Baños para sa huling Black Friday Protest ng buwan. Sa San Pablo City, isang gabi ng musika at sining laban sa korapsyon ang isinagawa ng grupong San Pablo Ayaw sa Korapsyon.

Sa Rizal, puu-puong kabataan ang nakiisa sa pagkilos sa Antipolo City sa pangunguna ng Walang KuKorap Network at Youth Rage Against Corruption-Rizal. Nagtapos ang pagkilos ng mga grupo sa kapitolyo ng prubinsya kung saan nagtalumpati sina Teddy Casiño ng Bayan, Atty. Renee Co ng Kabataan Partylist at Sarah Elago ng Gabriela Women's Party. 🅺




*YRAC Press Conference, Nobyembre 21*

## Mga demolisyon sa Laguna at Rizal, kinundena at nilabanan

Kinundena ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap- Southern Tagalog (Kadamay-ST) ang mga demolisyon sa rehiyon ngayong Nobyembre.

Unang napabalita na isasagawa ang bantang demolisyon ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa kabahayan sa NIA Road Purok 7 sa Barangay Pooc, Sta. Rosa, Laguna sa Nobyembre 18. Ang demolisyon ay magbibigay daan umano sa *road concreting project* ng ahensya.

Batay sa plano ng DPWH, manggigiba ito ng 12 bahay kada linggo. Magpapalayas ito ng daan-daang residente nang walang tiyak na relokasyon.

Nakipagdayalogo rin ang mga residente sa Santa Rosa City Urban Development and Housing Office (CUHDO) noon ding Nobyembre 18. Itinanggi ng lokal na ahensya na mayroong nakatakdang demolisyon. Dumistansya rin ang ahensya dahil wala silang maibibigay na relokasyon para sa mga mapapalayas laluna at pambansang ahensya ng DPWH ang nasa likod ng proyekto.

Sa Rizal naman, nagprotesta sa harap ng munisipyo ng Taytay ang mga residente ng Sityo Sapang Gody at Sityo Siwang ng Brgy. San Juan noong Nobyembre 26. Nanawagan sila ng dayalogo sa lokal na gubyerno at kinundena ang bantang demolisyon sa kanilang lugar. Pilit na kinakamkam ng Sta. Lucia Realty Development Corporation at ni Kristina Robles ang kanilang kinatitirikan.

Hindi hinarap ni Mayor Allan De Leon ang mga residente. Nagtago siya at pinasara ang munisipyo. Nagpadeploy pa siya ng dalawang mobil at mga pulis upang pagbantaan at takutin ang mga nagpoprotesta. Hindi rin pinayagang pumasok sa loob ng munisipyo ang mga residente na nais sanang makipagdayalogo sa meyor.

Ayon sa Kadamay-Rizal, isang malaking kabastusan sa mamamayan ng Taytay ang ginawang pagsasara ng pinto ng munisipyo at hayagan nitong pag bibingi-bingihan sa hinaing ng mamamayan.

Maliban sa banta ng demolisyon, kinakaharap din ng mga residente ang surbeylans at intimidasyon mula sa PNP Taytay. Ilang ulit nilang naobserbahan ang presensya ng mga intelidyens sa kanilang lugar at paniniktik nito sa mga aktibidad ng organisasyon at paglahok ng mga residente sa mga kilos protesta.

Nanindigan ang mga residenteng idedemolis ng mga naturang komunidad na hindi sila titigil hangga't nindi nila natatamasa ang dapat na ibinibigay na pampublikong serbisyo at karapatan sa pabahay. 🅺

# Laban ng manggagawa sa Wyeth para sa karapatan at kabuhayan

Nagsampa ang Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU) DFA-KMU ng *unfair labor practice* sa National Conciliation and Mediation Board laban sa kumpanyang Wyeth Nutrition Inc. (Wyeth) dahil sa hindi pagsalubong ng huli sa mga ipinapanukala ng unyon sa *collective bargaining agreement* (CBA). Sa halip, nagpatupad ang kapitalista ng pagbabago sa pasok o *clustering* ng buong *packaging section* ng operasyon na hindi dumaan sa pagsang-ayon ng unyon. Hindi rin hinarap ng kapitalista ang isinumiteng *grievance* para pag-usapan ang kapakanan o epekto ng *clustering* sa mga manggagawa. Nilalayon ng unyon na bumuo ng isang resolusyon bago ang implementasyon ng programa.

Ang Wyeth ay pabrikang lumilikha ng mga produktong *formula milk* (gatas) kagaya ng Bonna 0-6 *months*, Bonna 6-12 *months* (dating Bonamil), S-26 0-6 *months*, S26 6-12 months (dating Promil), Bonakid at Bonakid Pre-school. Nabili ito ng Nestle noong 2012.

Hulyo 2025 pa nagsimula ang negosasyon sa pagitan ng WPPWU at kapitalista para pag-usapan ang kahilingan ng mga manggagawa sa dagdag ₱230 arawang sahod, regularisasyon at benepisyo na lalamnin ng bagong CBA para sa susunod na tatlong taon (2025-2028). Sa halos 20 inihaing proposal ng unyon sa CBA, dagdag sahod lamang ang gustong bigyang pansin ng kumpanya sa kanilang *counter proposal.* Sa naturang *counter proposal,* barat na sahod ang inihain ng kapitalista na ₱64 arawang dagdag sahod subalit may babawiin namang nasa ₱400 na kaltas sa kasalukuyang sahod ng mga mangagawa mula sa Sabado, Linggo at *Shift Differential Premiums* na tinatamasa na ng mga manggagawa. Isinusulong ito ng kapitalista sa palusot na malaki na ang kasalukuyang nakukuhang sahod ng mga manggagawa, nagtatamasa na ng mga benepisyo at dapat nakaayon sa ibang manggagawa ng Nestle. Dahil hindi mapayukod ang manggagawa, tusong ipinatupad na nito ang *clustering*.

Hindi katanggap-tanggap para sa mga manggagawa ang ipinapanukala ng kapitalista. Kayang lumikha ng mga manggagawa ng Wyeth ng 120 toneladang *formula milk* kada araw. Noong 2024, nakapagtala pa ang Wyeth ng higit ₱19 bilyong kita. Sa inilunsad na pag-aaral ng WPPWU, ang kanilang sinasahod ay katumbas lamang ng 52 minuto ng kanilang trabaho sa loob ng pagawaan. Ang natitirang pitong oras at walong minuto ay tubo nang kinakamal ng kapitalistang Wyeth.




Nasa 100 regular na manggagawa ang pumapasan ng buong produksyon ng *formula milk* sa Wyeth, katuwang ang humigit-kumulang 200 kontraktwal. Dahil sa "*cost optimization*" ng Wyeth, lubhang pinaliit ang bilang ng manggagawa kaya pinapasan ng isang manggagawa ang trabaho ng 2-3 katao nang walang karagdagang sahod. Pinagkakaitan pa sila ng benepisyo kagaya ng *overtime pay* at *holiday pay.* Samantala, ang mga kontraktwal ay nagtatrabaho ng 12 oras kada araw at sumasahod ng ₱540 kada walong oras. Ang kanilang sahod ay umaabot lamang ng 22% ng karaniwang sahod ng regular na manggagawa.

Nanawagan ang WPPWU na manindigan ang mga manggagawa at sumalig sa sama-samang lakas. "Naniniwala kami na ang aming laban ay laban din ng manggagawa sa buong bansa. Kinakailangan ang maigting na suporta ng mga kapatid naming unyon, pederasyon, samahan at organisasyon ng buong uring manggagawa... napakahalaga rin ng suportang maibibigay ng iba't ibang sektor sa buong bayan at ng ating mga kaibigang manggagawa at mamamayan sa ibayong dagat." K

# Pananagutan kay Marcos at Duterte ang sigaw ng libu-libong mamamayan na nagprotesta sa Calamba


Sa ika-162 kaarawan ni Andres Bonifacio noong ika-30 ng Nobyembre, tinatayang nasa 3,000 mamamayan mula sa iba't ibang panig ng Timog Katagalugan ang nakiisa sa kahabaan ng Crossing, Calamba upang ipanawagan ang pagpapanagot sa hari at reyna ng korapsyon na sila Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte.




Sa pangunguna ng Transparency and Accountability through People's Action (TAPAT) kasama ng Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan (BAYAN-TK) at Bukluran ng Manggagawang Pilipino Southern Tagalog (BMP ST), lumahok ang mga manggagawa, maralitang lungsod, magsasaka, kabataan, kababaihan, propesyunal, taong simbahan, at iba pa sa ilalim ng masaklaw na panawagang "Lahat ng Sangkot, Dapat Managot!".

"Marapat lamang na gawing inspirasyon sila Bonifacio at ang mga Katipunan ngayong araw upang kumilos ang mamamayan para ipagtanggol ang ating karapatan laban sa mga abusado at korap na opisyal sa pangunguna nila Marcos Jr. at Sara Duterte na hari at reyna ng korapsyon. Malinaw ang kanilang papel sa pagnakaw ng bilyun-bilyong pondo na dapat sana ay napupunta para sa serbisyong panlipunan na pakikinabangan ng mamamayan," ani Lucky Oraller, tagapagsalita ng BAYAN-TK.

Sa TK, halos nasa 1,265 ang *flood control projects* kabilang ang 44 *projects* sa halagang ₱6 bilyon sa ilalim ng Sunwest Inc. na pinagmamay-arian ni Zaldy Co.




"Ilang buwan na ang nakalilipas ngunit hindi pa rin napapanagot sila Marcos at Duterte pati ang mga kasapakat nito. Dapat patuloy na magkaisa at kumilos lalo na ang malawak na hanay ng anakpawis na direktang apektado at pumapasan ng bigat ng krisis na pinalalala ng korapsyon," dagdag ni Oraller.

Minarkahan ng makukulay na pagtatanghal mula sa mga manggagawang pangkultura at iba't ibang grupo ang kilos-protesta na nagpapakita ng epekto ng korapsyon sa iba't ibang mga sektor. Tinapos ang programa sa pamamagitan ng sabayang pagkanta sa pangunguna ng Umalohokan Inc. 🅺


ARMAS-TK
MAGWASTO AT SUMULONG!
END U.S. IMPERIALISM
LRP